

Prologue



Tila nayanig ang mundo ni Elizabeth Crisostomo nang marinig ang nakabibinging katotohanang iyon mula kay Marco, matalik na kaibigan ng nobyo niyang si Jake Salvacion.

“N-nakaalis na si Jake ng bansa? P-pero...”
Nagsimulang mangilid ang kanyang luha. “P-pero wala siyang nabanggit sa akin na aalis siya.”

An indication of guilt covered Marco’s face. Marahan nitong hinawakan ang braso niya. “Halika, doon tayo sa loob ng simbahan.” Iginiya siya nito papasok sa *Malolos Cathedral*.

Mabilis ang tibok ng puso niya habang nagsasalita ang lalaki.

“Ayoko na sanang sabihin ito sa ’yo, Beth, dahil alam kong masasaktan ka, pero ayoko rin namang umasa ka sa wala,” bungad nito.

Nahigit niya ang hininga habang hinihintay ang susunod na sasabihin ng lalaki.

“Niligawan ka lang ni Jake para mapalapit siya sa ’yo. Kailangan kasi niya ng malaking halaga para masundan ang girlfriend niyang si Sheila na nurse sa London. Kapag nga naman nagkalapit ang loob ninyo sa isa’t isa, alam niyang hindi mo siya mahihindian,” pagtatapat nito.

Tuluyang pumatak ang luha ni Beth. Umaalon din ang dibdib niya sa sobrang sama ng loob.

“A-ang s’abi niya, iniilit na ng bangko ang lupa at bahay nila. K-kulang pa raw ang hawak nilang pera para tubusin iyon kaya nanghiram siya sa akin. H-hindi ko alam na...” Napahagulgol siya.

“I’m sorry, Beth,” anitong may pag-aalala sa tinig. “Sinubukan kong pigilan si Jake sa plano niyang paibigin ka, pero hindi niya ako pinakinggan. Sana, huwag kang magagalit pati sa akin.”

“H-hindi naman niya ako kailangang ligawan kung gusto niyang manghiram ng pera dahil alam kong nababayaran ang materyal na bagay na iyon. P-pero ang sakit na iniwan niya sa akin dahil sa panloloko niya, mababayaran ba?”

“Kung puwede ko lang pagaanin ang nararamdaman mo, kaso wala ako sa posisyon para gawin iyon.” Ginagap ni Marco ang isang kamay niya at pinisil iyon. “But I can be your shoulder to cry on.”

Napahikbi ang dalaga. Ibinuhos niya nang mga sandaling iyon ang nag-uumapaw na hinanakit niya sa lalaking unang nagpatibok ng puso niya at nag-akyat sa kanya sa rurok ng langit.

Habang nasa daan pauwi, masuyong sinalat niya ang kanyang sinapupunan na kasalukuyang sumisibol pa lamang.

Nasa loob niyon ang mahalagang binhi na ipinunla sa kanya ni Jake bunga ng inaakala niyang pagmamahalan nila.

Nang malaman niyang ipinagbubuntis niya ang anak nito, she was suddenly the happiest person on earth. She knew all along that he loved her and he always made her feel special.

Ngunit hindi niya inakala na sa isang iglap, magmimistulang lobo ang lahat ng iyon na biglang pumutok at nalaglag kung saan.

It was painful knowing that he fooled her, but it was even harder realizing that she would raise her child all by herself, without the man whom she thought was the right one for her.



Chapter One



Makalipas ang anim na taon, magaan ang kalooban ni Jake nang muling tumuntong ng Pilipinas.

Kumabog ang dibdib niya nang maalala si Beth. Kumusta na kaya ito? Batid niyang sa laki ng kasalanan niya rito, pihadong uusok pa rin ang ilong nito kapag nakita siya.

Naihilamos niya ang mga palad sa mukha nang, parang guni-guni, naramdaman niya ang malakas na pagdapo ng kamay nito sa kanyang pisngi.

Nagising ang kanyang diwa nang huminto sa isang crossing lane sa Macapagal Avenue ang sinasakyan niyang taxi.

Napatingala siya sa pinakamalaking billboard na naroon. Advertisement iyon ng isang shampoo kung saan nakalugay ang buhok ng magandang modelo.

Kakaibang pintig ng puso ang naramdaman niya nang mapatitig sa mga mata ng babae. He seemed to have been obsessed with her at first glance.

“Napakaganda talaga ng artistang iyan, ano, Sir?” Tila naalimpungatan pa si Jake nang magsalita ang driver ng taxi. Sinilip din pala nito

ang tinitingnan niya.

“A-artista siya?”

Nilingon siya nito, tila nagtataka. “Opo, Sir. Hindi ba ninyo kilala si Zee Gomez? Siya po ang pinakasikat na artista ngayon sa telebisyon at pelikula.”

Napailing siya. “N-ngayon ko lang kasi siya nakita.” Hindi pa rin mapuknat-puknat ang pagkakatitig niya sa babae.

“Kunsabagay, matagal po siguro kayo sa ibang bansa kaya hindi ninyo siya kilala.” Pinaandar na nito ang sasakyan nang umilaw ang green light. “Magaling po kasi siyang umarte kaya nabigyan ng magandang break. Kaya ayun, nagsunud-sunod na ang suwerte niya.”

Nasa *North Luzon Expressway* na sila patungong Bocaue kung saan siya naninirahan ay hindi pa rin maiwaksi ni Jake sa isipan ang mukha ng modelo. Tila nangungusap ang mga mata nito na sa kabila ng masayang ngiti ay parang nakakubli roon ang isang damdamin na sa lalim ay mahirap sukatin.

Her facial expression was so virtuous that reminded him of how sinful he was. And her lips, though small and pouty, seemed to ignite the passion from every son of Adam with just a simple kiss.

Muli siyang napatingala sa isang billboard papasok ng Bocaue Exit. Namangha siya nang

makita ang kabuuan ni Zee Gomez. In that billboard, she was endorsing a popular brand of jeans. Nakasuot ito ng tight denim jeans in faded blue paired with a sexy windswept white top.

Halos manuyo ang kanyang lalamunan habang tinititigan ang nakakauhaw na alindog nito.

“May pelikula nga po pala siyang ipalalabas,” sabi ng driver. Batid niyang si Zee Gomez ang tinutukoy nito. Napansin yata nito na napatulala na naman siya sa billboard, kaya inisip nito na interesado siya sa modelo. “Premiere night po sa darating na Linggo. Baka gusto ninyong manood?”

Napakurap siya. “Ano ba ang tema ng pelikula niya?”

“Heavy drama po, Sir. Iyon po ang forte niya, eh,” sagot nito.

Napailing si Jake. “Marami kasi akong aasikasuhin pa,” sa halip ay sagot niya. Ngunit ang totoo, hindi siya mahilig manood ng pelikula, lalo na kung drama.



“Ay, naku! Kayo na lang ang manood ng sine,” sabi ng ina ni Jake na si Aling Zeny sa dalawa pa nitong anak na babae. Mas nakababata ang mga ito sa binata. “Hindi ako puwede sa air-con, sumusumpong ang rayuma ko.”

“Sus! Si Mama talaga, sayang itong isang ticket,” maktol ni Elma. Ito ang pangalawa at

sumunod sa kanya.

“Bakit kasi tatlo pa ang binili ninyong ticket? Kung dalawa lang iyan, wala sana kayong problema,” anito na naghuhugas ng mga pinggan.

“Eh, Ma, gusto ka nga naming isama ni Ate Elma,” ani Faith. Palibhasa ay bunso, parang bata pa rin ito kung magsalita at kumilos kahit beinte-uno na. “Paborito mo si Zee Gomez, hindi ba? Saka sa premiere night, naroon siya para manood. Puwede pa tayong magpa-picture saka pa-autograph.”

Sandaling itinigil ng matanda ang ginagawa, bumakas sa mukha ang panghihinayang. “Gusto ko nga sana, eh, kaso baka hindi na naman ako makatulog kapag nirayuma ang balakang ko.”

“Pati ba naman kayo, bukambibig ang artistang iyan?” bungad ni Jake sa mga ito nang pumasok siya sa kusina. Kagigising lamang niya.

Napalingon sa kanya ang tatlo.

“O, ayan ang Kuya Jake ninyo,” tila na-relieve na sabi ng kanyang ina nang makita siya. “Ang mabuti pa, siya ang isama ninyong manood ng sine.”

“Kuya Jake—”

“Hep!” kaagad na tanggi niya nang sabay pang lumapit sa kanya ang mga kapatid. “Ayoko!”

“Sige na, Kuya, ngayon lang kami uli maglalambing sa ’yo. Ang tagal mong nawala,” ani

Faith.

“Oo nga, Kuya,” segunda ni Elma. “Kahit huwag mo na akong ibili ng bagong cellphone, pumayag ka lang sumama sa amin na manood ng sine.”

Natawa ang binata. “Ganyan ba kaimportante sa inyo ang Zee Gomez na iyan? Pambihira!”

“Please, Kuya... sige na, pagbigyan mo na kami,” pangungulit ni Faith.

“Bakit hindi si Jaco ang isama ninyo?” tukoy niya sa nobyo ni Elma.

“Hindi nanonood ng drama iyon,” sagot ni Elma.

“Lalo naman ako!”

“Nakakainis talaga!” reklamo ng bunso. Naupo ito sa silya at nangalumbaba sa dining table.

“Kapag si Ate Sheila ang nag-request sa 'yo, sunod ka agad. Pero kapag kami...”

Dumilim ang anyo niya nang mabanggit ang pangalan ng dating nobya. “Kung gusto ninyong samahan ko kayo, huwag na huwag ninyong babanggitin sa akin ang pangalang iyan!” may inis sa tono na saad niya.

Nagkatinginan ang tatlo. Mula kasi nang dumating siya, wala siyang ikinuwento sa mga ito kung bakit sila naghiwalay ng babae. Ang mahalaga, burado na ito sa buhay niya.

“Talaga, Kuya, sasamahan mo na kami?” Nagliwanag ang mukha ni Faith na kanina lamang

ay nakabusangot.

Nang tumango ang binata, pumalakpak pa ito sa tuwa.

“Oy, bilin ko lang, Jake,” paalala ng kanyang ina habang pinupunasan ang mga kamay. “Kuhanan ninyo ng picture si Zee, ha, ’tapos sabihin mong paborito ko siya.”

Napakamot siya ng ulo at napangiwi. “Naku, Ma, iyang dalawang iyan ang pagbilinan ninyo. Para naman akong engot na ako pa ang magsasabi sa artistang iyon.”

“Kami na ang bahala, Mama, don’t worry,” sabi ng tila excited na si Elma.

“Kailan ba iyon?” tanong niya.

“Mamayang gabi na, alas ocho ang umpisa,” ani Faith. Mula nang pumayag siya, hindi na nawala ang ngiti nito.

“Mamaya na?” ulit niya. Balak pa naman niyang sumaglit sa Malolos ngayong araw. Nais niyang bisitahin ang mga kaibigan. Ngunit bukod doon, gusto niyang makibalita na rin tungkol kay Beth.

Mula nang tumulak siya patungong London, hindi na ito nawala sa isip niya. Sa katunayan, malimit magtaka si Sheila noon tuwing iba ang sagot niya sa tanong nito. Kadalasan, para siyang bingi at tulala. Wala naman siyang sakit. Lagi lamang niyang napapansin na pumipitik ang kanyang puso tuwing maaalala ang babaeng

pinaasa niya.

“May lakad ka bang iba?” nagtatakang tanong ni Aling Zeny nang mapansing natahimik siya.

“Wala po,” kaila niya rito. “O, sige...” baling ni Jake sa mga kapatid, “dapat mga before seven o’clock, nandoon na tayo.”

“Okay!” sabay pang sabi ng mga ito.



Lumalagabog ang dibdib ni Beth habang lulan ng escalator pababa. Ginanap sa *SM Mall of Asia* ang premiere night ng kanyang ikawalong pelikula, ang *Hanggang Ngayon, Ikaw Pa Rin*.

Napatitig kasi siya sa isang six-footer na lalaki na lulan naman ng kabilang escalator paakyat. Her eyes were fenced in by the heart-throbbing figure. Hindi tuloy niya napansin na biglang nagkagulo ang mga tao nang makita siya.

Daig pa niya ang natuklaw ng ahas nang muling makita si Jake. She felt a gush of blood surging up toward her cheeks, making her blush despite the natural tint of her blush-on. And his face, though still looked gorgeous and adorable, had brought her mind back to where she had this incurable pain in her heart.

Ngunit nang dinumog ang dalaga ng kanyang sabik na mga tagahanga, hindi na nakuhang habulin pa ng mga mata niya ang lalaki.

“Excuse me! Excuse me!” anang baklang si

Angelo. Pinsang-buo niya ito sa mother side. Namalagi siya sa lugar nito sa Calumpit, Bulacan mula nang malaman niyang nagdadalang-tao siya hanggang sa manganak upang makaiwas sa usap-usapan ng mga kapitbahay nila sa Malolos.

Hinawi ng mga kamay nito ang mga taong nakapalibot sa kanya pagkatapos ay bahagya siyang inilayo nito saka bumulong. “Sobrang tigas talaga ng ulo mo! Bakit bigla kang umalis nang walang paalam, ha? Galit na galit tuloy si Direk Lee. Mabuti na lang, mga disente ang fans mo rito. Kung sa ibang lugar mo ginawa iyang pagsalisi, malamang napagkukurot ka na. Huwag mo nang uulitin iyon.”

Mula kasi nang sumikat siya bilang artista, ipinagbawal na sa kanya ang mamasyal sa public places kaya ganoon siya kasabik ngayon na lumibot nang nag-iisa.

“Gee, n-nakita ko si Jake!” aniya rito. Kilala nito sa pangalan ang lalaki.

“Ha? Saan?” Maarteng tinutop nito ang bibig.

“Nagkasalubong kami sa escalator kanina lang,” aniya.

Though bruised and heavy with the past, her heart never seemed to stop mumbling in jovial tunes. Parang ipinagdiriwang niyon ang nasilayan ng mga mata niya.

“Nakilala ka ba niya? Lumapit ba siya sa 'yo?

Ano ang sinabi niya?” di-magkandatutong tanong ng pinsan.

“N-nakatitig siya sa akin pero...” Napakurap-kurap ang dalaga. “Siguro dahil ako si Zee Gomez. I don’t think na nakilala niya si Beth sa hitsura ko ngayon.”

“Oo naman! Ang laki kaya ng ipinagbago mo. Hindi niya iisiping ikaw iyong dating baduy na niloko niya,” pairap na sabi nito.

Bigla tuloy niyang naalala ang sinabi sa kanya noon ng pinsan. Nag-dinner sila minsan sa *California Pizza Kitchen*, isang American pizza house na matatagpuan sa second floor ng *Shangri-La Plaza*...

Habang salitan niyang nilalantakan ang Chinese chicken salad at ang white and violet tortillas dipped in spinach artichoke, hindi naman mabakbak ang pagkakatitig nito sa kanya.

Kaagad niyang pinunasan ang bibig sa pag-aakalang may naiwang pagkain doon. “Bakit ganyan ka makatingin?” sita niya.

“Bechay,” bansag sa kanya ni Angelo, “ano nga pala ang height mo?”

“5’5,” tugon niya. “Bakit?”

“Wala lang.” Nangalumbaba ito sa mesa. “Feeling ko, sayang ang height mo.”

Itinigil niya ang pagsubo at napatingin sa pinsan. “Bakit naman sayang? Pangit ba ako?”

“Uhm...” Umikot ang mga mata nito. “Hindi ka nga pangit pero parang may mali sa hitsura mo.”

“May mali?” Nagsalubong ang mga kilay niya. “Ano?”

Sumandal ito sa kinauupuan at humalukipkip. “Siguro kung aalisin mo iyang salamin mo sa mata, lilitaw ang ganda ng mga mata mo. Mahahaba ang pilik-mata mo, eh! ”Tapos i-shave natin iyang mga kilay mo kasi daig pa ang magulong tumpok ng damo, napakalago! Hindi ka ba natatakot, baka habulin ka ng kambing?”

Muntik na siyang masamid sa katatawa dahil sa sinabi nito. Napahagikgik din ang kausap.

“Sige,” ani Beth habang natatawa, “paglaruan mo pa ako.”

Sumeryosong muli ito at sinalat-salat ang mahaba at alun-alon niyang buhok. “Diyaskeng babae ka, napaka-successful ng bakeshop ninyo sa Malolos at humahakot ng maraming pera, pagkatapos hindi mo man lang mapaalagaan sa parlor iyang buhok mo, dull and dry! Aba, puwede nang pagtaguan ng kuto iyan, eh!”

“Tidy namang tingnan, ah,” nakangiting depensa niya.

“Eh, kasi ipinusod mo. Subukan mong ilugay iyan, mapapagkamalan kang bruha,” ani Angelo.

“Grabe ka namang mamintas!”

“Oy, Bechay, hindi kita pinipintasan. Ang gusto

ko lang, ma-improve ang physical appearance mo. Saka pati iyang pananamit mo, para kang apostolada ng panalangin. Naka-blouse ka nga pero tingnan mo naman iyang pang-ibaba mo, paldang balloon. Hindi ko na nga maalala kung kailan nauso iyan, eh,” litanya nito.

Napakurap-kurap si Beth nang bumalik ang isip niya sa kasalukuyan. Nang ilibot niya ang paningin, mas dumami ang mga tao sa paligid niya.

“Ang buhay nga naman!” nakapamaywang na sabi ni Angelo, nasa tinig ang pagmamalaki. “Parang kailan lang, subsob ka sa kamalasan. Akalain ko bang ang simpleng theatre actress noon, eh, isa nang ganap na movie actress ngayon. At hindi lang iyon, commercial and print ads model pa!”

Hindi nga niya kailanman naisip na magiging isa siyang artista. Natatandaan pa nga niya noong elementary, because of being too timid, she couldn't even recite a short poem in front of the class.

Gayundin noong high school, everyone had to perform a declamation. Ang nangyari, makailang ulit niyang binanggit ang title na *To Be or Not To Be* hanggang sa maubos ang allotted time para sa kanya.

“Thanks to Direk Lee!” masayang sabi niya.

Bukod kasi sa pagiging discoverer niya ito sa teatro, tumatayong manager niya ang

naturang direktor. At sa husay nito sa larangang iyon, hindi nakapagtataakang maabot niya ang kinatatutungang kasikatan ngayon.

“Tama! Kung hindi dahil sa kanya, hindi mo makikilala si Direk Chico,” anito.

Si Chico ay ang batikang direktor ng *Glamorosa Production* na ang opisina ay matatagpuan sa Roxas Boulevard.

Aside from television and movie directing, nagma-manage din ito ng mga datihan at baguhang artista.

Natuklasan nito si Beth nang minsang makapanood ito ng isang show sa teatro dahil na rin sa imbitasyon ni Direk Lee.

Kaya ngayon ay isa na siyang eksklusibong artista ng naturang movie production at sa kasalukuyan, nakapirma siya roon ng five-year contract.

“Zee, baka puwedeng magpa-picture sa ‘yo,” anang isang nakangiting dalaga. May kasama pa itong isa na ayon dito ay nakatatandang kapatid nito.

“Sure, sige.” Nginitian niya ang mga ito saka nag-pose sa camera.

Nang makita iyon ng iba pang naroon na nakikiusyoso, akmang lalapit din ang mga ito ngunit magalang na pinigilan ni Angelo. “Mamaya na lang, ha, pagkatapos ng movie. Tinatawag na

kasi kami doon, eh. Pasensya na.”

Ilang sandali pa ay pumapasok na si Beth sa movie house kaagapay ang pinsan at ang manager. Kahit pinagkukulumpunan siya ng mga tao, napalingon siya sa dalawang babaeng kumuha ng larawan niya kanina.

Her heart thumped without warning nang makitang kasama ng mga ito si Jake.

This time he was closer, mga ilang dipa mula sa kanya. Naroon ito sa pila kasama ang iba pang manonood ng kanyang pelikula.

Hindi niya naiwasang mapatitig dito nang mapansin niyang nakatuon ang paningin nito sa kanya.

She could feel the mild quivering of her flesh upon realizing how deeply disturbing his stare was to her despite the years she hadn't seen it. She couldn't even deny that his presence seemed to uncomfortably bring back her real self which she had learned to leave behind because of the new world she had to deal with.



Chapter Two



Maging mailap ang antok para kay Jake nang sumunod na mga gabi. Mula nang mapanood niya ang pelikula ni Zee Gomez, hindi na niya ito makalimutan. There was familiarity whenever he looked at her in the wide screen. Kahit ayaw niyang isipin, hindi niya mapigilan ang kanyang puso na ikumpara ito kay Elizabeth.

Idinantay niya ang kanang braso sa noo pagkatapos ay napapikit.

Imposibleng mangyari na si Beth ang artistang iyon. Malaki ang pagkakaiba ng dalawa. Sopistikada si Zee samantalang simple lamang si Beth. They were absolutely different in many ways.

Ngunit pagdating sa mga mata, tila iisa ang kislap ng mga iyon na nagpapakabog ng dibdib ng lalaki.

Napadilat ang binata at blangkong napatitig sa kisame. Could they be the same person?

The more he thought of the two women, the brighter their faces had become in his keen imagination.

Bigla tuloy pumalaot ang isip niya sa nakaraan.

Noong una niyang makilala si Beth, he felt no attraction toward her. She was the opposite of his

preference of an ideal girl. May kabaduyan itong manamit at parang sinaunang matanda kung kumilos.

Ngunit kalaunan, habang nakikilala niya ang dalaga, unti-unti ring nagbago ang impression niya rito. Tahimik man ito at mabining kumilos, masayahin din pala at masarap kausap. She talked about sensible things at kung magbiro man, there was wit in her words.

He couldn't even forget the time when he first kissed her. Nagkabungguan ang mga ilong nila dahil hindi nito alam kung saan ikikiling ang mukha.

Napangiti si Jake sa alaalang iyon. Ngunit nang bumisita naman sa isip niya ang minsang pagniniig nila, muling napapikit ang kanyang mga mata.

“M-mahal na mahal kita, Jake...” Beth made a soft grip of the bed cover as he tried to break through her delicate femininity. For him, it was the sweetest whisper he had ever heard.

He became even more physically vulnerable when he ran his fingers through her smooth inexperienced skin. And as he made the succeeding ardent drills, napaungol ang dalaga at tila lasing na ikinislot nito ang balakang. At dahil sa namalas niyang iyon, lalo siyang ginumon ng matinding pagnanasa na maangkin ito.

Nang makapasok na siya sa bungad ng

pinakaiingatan nitong paraiso, he could no longer wait. Impatiently, he made the final thrust. With her eyes closed, she moaned in pain while biting her lower lip.

He didn't expect that her first taste of heaven would give him the feeling of strange pleasure. That was the first time he felt he was complete. Noon lamang niya naramdaman na parang may nabuo sa kanya, something that he hadn't felt before. And whenever he looked at her, she always made him feel comfort in simple togetherness.

Hindi tuloy niya naiwasang ikumpara ito sa dating nobya. Kapag si Sheila ang kasama niya, he never felt that he was good as a man. Laging umiiral ang pagiging dominante nito at malimit na ito ang nasusunod kahit sa maliliit na bagay.



Malalim na ang gabi, naglilibot pa ang buong kamalayan ni Beth.

Matapos ang ilang libong dasal at walang kapagurang paglilibang sa sarili, unti-unti na niyang natututunang kalimutan si Jake. Ngunit nang makita niyang muli ito, biglang nanariwa ang lahat sa kanya.

Hindi niya makalimutan ang sandaling ipinadama nito sa kanya ang pagiging babae...

Jake was kissing her almost breathlessly and she was stunned in that kind of moment. It was a

new experience for her, though there was a bit of apprehension, it was pristine enough to consider.

“J-Jake...” anas niya sa lalaki.

Ngunit sa halip na tugunin nito iyon, pinaliguan siya nito ng maiinit na halik sa kanyang mga labi, sa mga pisngi, sa leeg, hanggang maging parang sinat iyon sa pakiramdam.

His kisses were like an unexpected summer rain which gave her skin two different sensations, a spine-tlingling pulsation and a rhythmic bath of bliss.

Nahawakan niya ang kamay nito nang umpisahan nitong alisin ang mga butones ng kanyang blouse. She was screaming silently. Then he hooked her hands with his, letting his lips do the challenge of undressing her.

Beth cried in ecstasy. She was electrified and her breathing almost stopped.

Paulit-ulit siyang hinalikan nito sa pagitan ng dalawang burol na iyon sa kanyang dibdib. Napasinghap siya.

Then his lips moved passionately to reach the peak of one of her breasts while his hand cupped the other. Para siyang nababaliw sa bawat paggalaw ng katawan nito.

Mayamaya, itinagilid siya ni Jake at makarinyong dinampian ng halik ang kanyang batok pababa sa likod hanggang umabot iyon sa kanyang kuyukot.

Then he knelt on the bed, pulling her legs up over his shoulders. She eyed him in amusement. He seemed to be a connoisseur when it comes to lovemaking.

But she was even more astonished when he tasted her most treasured thing in between her thighs. It was like having a very late dinner with his favorite food that he would never get tired of savoring.

Napaungol si Beth. It felt like she was hearing a wonderful rapture that she wanted to cry out in excitement. Whenever he nudged his tongue inside her, her lower body moved in passion and her heart started to beat faster.

Naramdaman niya ang kakaibang kiliti na unti-unting umaahon mula sa kaibuturan niya. It was one inexplicable feeling of happiness.

“M-mahal na mahal kita, Jake...” Nalabnot niya ang bedsheet sa sobrang pagkahumaling sa naiibang karanasang iyon.

Then he positioned her as he looked at her. His masculine stare made her even more in love with him. It was awesomely a scrumptious thing to look at.

She exclaimed in half-fear when he entered.

“Jake, m-masakit,” daing niya.

“Shh... dadahan-dahanin ko,” masuyong sabi nito.

She bit her lower lip as he tried again, thinking it might help to lessen the pain. But then he seemed determined and confident that he tried to get through

her over and over again.

After several gentle thumps, she cried in relief when he finally made it in, completely.

Napabuntong-hininga ang dalaga nang maputol ang alaalang iyon.

Minsan gusto niyang mainis sa sarili. Sobra pa sa sapat ang ginawang kawalanghiyaan ni Jake upang kamuhian niya. Ngunit sadyang malurit ang puso niya. Sa halip na ang kasamaan nito ang mangibabaw, ang ipinaramdam nito sa kanya na pagmamahal ang namamayani sa kanyang dibdib.



Dinnertime nang dumating ang grupo ni Beth sa *Palm Waters*, isang beach resort sa Bolinao, Pangasinan. Doon gaganapin kinabukasan ang kanyang pictorial para sa *Virility*, isang local men's magazine.

“Pasado alas ocho na, ah! Bakit wala pa ang working crew ng *Virility*?” nag-aalalang tanong ni Direk Lee kay Angelo.

“Ay, Direk...” Hindi magkamayaw ang pinsan niya sa pagnguya ng masarap na mechado na isa sa mga nakahain sa mesa. “Nakausap ko na po sa telepono iyong client officer ng magazine. Parating na raw po iyong crew nila.”

“Mabuti naman kung ganoon.” Tumaas ang isang kilay ng mataray na direktor. Kalahi rin kasi ito ni Angelo pagdating sa kasarian. “Ayokong

abutin ng hapon ang pictorial bukas para may panahon pa tayong mag-enjoy bago bumalik sa Manila.”

Nilingon siya ni Angelo. Napapagitnaan kasi nila ito ni Lee sa upuan. “Handa ka na ba bukas? Paalala lang, Pinsan, wala kang ibabalot sa katawan mo para sa photo shoot bukas maliban sa two-piece bikini.”

Mula nang pinasok ni Beth ang mundo ng show business, this would be the first time she’d be exposing her skin in front of the camera. Though it wasn’t full nudity, hindi maiaalis sa kanya ang kabahan. Kahit sino naman siguro ang ilagay sa puwesto niya ay ganoon din ang mararamdaman.

Gayunpaman, kailangan niyang panindigan iyon. Kailangan niyang patunayan sa sarili na hindi na siya ang dating kimi at mahina ang loob na probinsyanang baduy. She had to keep up with the time at sa panahon ngayon, palabang dapat ang isang artista.

Isa pa, hindi siya dapat magreklamo. She should love the way things were going for her. After all, it was her bread and butter.

“Huwag kang mag-alala, Gee, kaya ko iyon.” Nasa mga mata niya ang determinasyon nang sabihin iyon.

“Good!” Tinikman naman ng baklang pinsan niya ang malinamnam na specialty ng resort, ang

crazy crab in coco milk.

Nang tumunog ang cellphone ng dalaga, lumabas siya ng silid upang pribadong makausap si Irene, ang kanyang ina.

“Anak,” anitong nasa himig ang pag-aalala, “desidido ka na ba talaga?”

Labis itong nag-alala nang malaman ang tungkol sa pictorial. Konserbatibo kasi ang kinamulatan niyang pamilya. Mula pagkabata, laging inuukilkil ng mga magulang sa isip ni Beth na mas mahalaga ang dignidad kaysa sa pera.

“Opo, Ma. Narito na nga po kami sa resort. Bukas po ng eight o'clock ng umaga ang simula ng pictorial ko,” aniya.

“K-kung nabubuhay pa ang papa mo, hindi siya papayag sa gusto mo,” gumagaralgal ang boses na sabi ng kanyang ina. Batid niyang umiiyak ito.

“Ma, hindi na po ako bata. Kaya ko na ang sarili ko. Huwag po kayong mag-alala, hindi naman ako papayag na maging bastos ang kalabasan ng mga pictures ko. Isa pa, kasama ko rito si Direk Lee at si Angelo. Hindi sila makakalusot sa katarayan ng dalawang iyon,” seryosong paliwanag ni Beth.

Narinig niyang nagbuntong-hininga ang kausap, tila pinapawi ang paninikip ng dibdib.

“B-bakit ba kasi kailangan mo pang magmodelo para sa magazine na iyan samantalang sikat ka na? Pagpipiyestahan lang ng mga lalaki ang katawan

mo.”

“Ma, sa trabahong ito, marami akong kakompetensya. Kung hindi ako makikipagsabayan, mabilis akong lulubog. Kailangan ko ng additional exposure para hindi makalimutan ng mga tao.”

“Bahala ka na nga. Kahit pigilan kita, wala akong magagawa. Ang paalala ko lang bilang ina, ingatan mo ang sarili mo. Ayokong mapahamak ka dahil m-mahal kita.” Muling nangingig ang boses nito kaya napaiyak na rin siya.

Eksaktong pabalik na siya ng silid nang mamatay ang ilaw. Napatili ang dalawang baklang kasama niya.

“Ay, takot ako sa dilim!” ani Angelo.

“Diyos ko, bakit ngayon pa nag-brownout? May utang ba sa *Meralco* ang hotel na ito?” sabi ni Direk Lee.

Gusto niyang humagalpak ng tawa dahil sa kaartehan ng mga ito. Ngunit nang biglang kumulog, napayakap si Beth sa isang bultong pinakamalapit sa kinatatayuan niya. “G-Gee, takot ako sa kulog, alam mo iyon, di ba?” aniya sa pag-aakalang si Angelo ang nakapitan niya. Tuwing kumukulog kasi, kahit malayo pa ang kinalulugaran nito mula sa kanya, tinatakbo talaga siya nito upang yakapin dahil kabisado nito ang phobia niyang iyon.

Nang madaiti ang mukha niya sa leeg nito,

napasinghap siya. “Gee, kailan ka pa natutong magpabango ng panlalaki?” nagtatakang tanong ni Beth dahil batid niyang pambabae ang ginagamit nitong pabango.

Nang muling gumulong ang kulog, lalong napahigpit ang kapit niya sa leeg na iyon. Muling nalanghap ng kanyang ilong ang nakakaakit na masculine scent na gamit nito.

“Ang bango mo talaga, Gee,” ani Beth. “Mahahalikan na talaga kita!” Nangunot ang kanyang noo nang hindi sumagot ang kausap. “Bakit ba ayaw mong magsalita? Kanina pa kita kinakausap,” reklamo niya.

“Bechay, nasaan ka?” Biglang nagsalita si Angelo. Base sa distansya ng tinig nito, tila hindi ito umalis sa kinauupuan.

Natigilan ang dalaga. Bigla siyang kinabahan at unti-unti, inalis niya ang pagkakasaklit ng mga braso sa leeg ng inaakala niyang si Angelo.

Kung hindi natinag ang kanyang pinsan sa kinalulugaran nito, sino itong mapagsamantalang kayakap niya?

Nang muling sumindi ang ilaw, napanganga si Beth nang makita kung sino ang nagmamay-ari ng bultong niyapos at nilanghap-langhap niya kanina.

Chapter Three



Beth's cheeks suddenly turned red when she saw Jake intently gazing at her. Wala ring humpay ang pagtambol ng kanyang dibdib.

Jake? gulilat na nasabi niya sa isip.

“Taga-*Virility* ka?” tanong ni Lee sa bagong dating. Kaagad tumayo ang direktor upang lapitan ito.

Tumango ang binata. “I’m the photographer.”

Photographer? ulit niya sa sarili. Ibig sabihin, ito ang makakapiling niya nang halos buong araw sa pictorial?

Namilog ang mga mata ng kanyang pinsan nang makita si Jake. “Ay, bongga! Ang guwapo naman ng photographer ng magazine na iyan! Ako na lang kaya ang mag-two-piece?” tila nangingisay sa kilig na sabi nito. Palibhasa, hindi naman nito kilala nang personal ang dating nobyo ni Beth.

Kinamayan ni Lee ang lalaki. “Nasaan ang mga kasama mo?” anang direktor.

“Hello!” entrada ng isa ring bading. Sa lakas ng timbre ng boses nito, mabubulabog ang mga dagang nagtatago sa lungga. Pagkatapos nitong halikan sa pisngi ang dalaga ay si Lee naman ang nilapitan nito. “Magandang gabi. Ako po si Pops,

ang concept artist ng *Virility*.”

“Good evening. Ako naman ang discoverer at manager ni Zee. ‘Lee’ na lang ang itawag mo sa akin,” anang nakangiting direktor.

“Glad to meet all of you!” Pagkatapos nitong ngumiti, hinila ng artist si Jake at maarteng isinaklit nito ang braso sa binata. “Ito naman po si Jake, ang matipunong photographer namin.”

“Jake?” ani Angelo habang nginunguya nito ang isang piraso ng steamed asparagus. “Bechay, kapangalan siya ni Jake, ‘no!”

Napalunok si Beth nang muling mapatitig ang binata sa kanya. His expression was curved and coiled like a two-piece string which had been twined together.

“Sinong Jake?” Nilingon ni Lee si Angelo. “Walang naikukuwento sa akin si Beth.”

Simula’t sapul, walang alam ang kanyang manager tungkol sa nakaraan niya. Hindi rin nito alam na may anak siya sa pagkadalaga. Minabuti niyang ilihim dito iyon upang hindi na lumala ang sitwasyon. Isa pa, kung ang mga ordinaryong mamamayan ay iba ang tingin sa isang babaeng disgrasyada, paano kung sa isang artista pa?

Ngunit habang lumalaon, unti-unti siyang inuusig ng kanyang konsyensya. Ayaw niyang isipin na kaya niya ginagawa iyon ay dahil ikinahihiya niya ang bata. Dahil ang totoo, walang bagay na

makapagdudulot sa kanya ng lubos na kaligayahan kundi ang pinakamamahal niyang anak.

Nang marinig ng dating nobyo ang tunay niyang pangalan behind the glamorous Zee Gomez, napatitig itong muli sa kanya. Maagap na iniwas niya ang paningin dahil ayaw niyang mahuli nito ang kanyang reaksyon. Kunwari ay bale-wala sa kanya ang muli nilang pagkikita.

“Si Jake ay iyong dati niyang—”

“Ah, Direk Lee,” putol ng dalaga sa sasabihin ng baklang pinsan, “ang mabuti pa siguro, babalik na ako sa kuwarto para makapagpahinga nang maaga.”

“Sige, ikaw ang bahala. Susunod na ako doon mayamaya,” anang kausap.

Hinila niya ang walang prenong si Angelo dahil baka may maikuwento pa itong iba kapag iniwan niya.

“Bakit pati ako?” reklamo nito. “Hindi pa ako tapos kumain, eh.”

“Busog ka na, di ba?” giit ni Beth.

“Hindi p—”

“Busog ka na sabi, eh.” Marahan niya itong itinulak palabas ng silid.

Sa sulok ng kanyang mga mata, batid niyang sinusundan siya ng tingin ni Jake. At kung anuman ang nasa isip nito, wala na siyang pakialam. Isa pa, sa kabila ng walang-awa nitong panloloko sa

kanya, may dapat pa ba itong sabihin sa kanya? Kung mayroon man, baka masampal lamang niya ito nang kabilaan.

Habang nasa pasilyo sila patungong elevator, gustong kurutin ng dalaga ang kanyang puso dahil ayaw paawat niyon sa katatalon. Parang tuwang-tuwa pa iyon sa nangyayari sa kanya.

Napabuntong-hininga si Beth sa inis. Ano ba ang nangyayari sa kanya? Hindi na dapat nananaig sa kanya ang ganoong damdamin. Kung mayroon mang dapat magalit kay Jake nang sagad sa buto, walang iba kundi siya.

“Alam mo, nakakainis ka! Hindi ko pa nga gaanong nalalalahan ang mga pagkain doon, eh, gusto mo na akong magpahinga! You’re so unfair!” maktol ng pinsan.

“Lagay na iyon, hindi mo pa nalalahan ang mga kinain mo? Huwag mong sabihing natunaw ang taste buds mo?”

“Eh, kasi bakit ka ba nagmamadaling matulog? Wala namang nakakaantok sa ibaba, ah. In fact, nakapagpapabuhay pa nga ng dugo.” Pabirong dinunggol siya nito sa braso nang nakalulan na sila ng elevator. “Napansin mo ba, ang lagkit ng pagkakatatig sa ’yo ng Jake na iyon? Talagang may karisma ka sa mga Jake, ’no!”

“Gee, siya si Jake!”

Sandaling natigilan ito pagkatapos ay nanlaki

ang mga mata. “Si Jake? As in, si Jake mo?”

Tumango si Beth.

“OMG!” Sinalo ni Angelo ang payat na dibdib.

“Kung ikaw ako, gugustuhin mo ring matulog nang maaga, di ba?”

Tumangu-tango ito. “Oo nga.” Napatitig ang pinsan sa kanya. “Pero, in fairness, ang guwapo niya! Nakapanlalambot ng mga tuhod ang pagkalalaki niya. Kaya naman pala.”

“Anong kaya naman pala?” Nangunot ang noo niya.

“Kaya naman pala nagpabuntis ka! Aba, kung may matris lang ako, magpapabuntis din ako sa kanya!”

“Bakla!”



Alumpihit si Jake nang gabing iyon. Walang ibang tumatakbo sa isip niya kundi si Zee Gomez. Tama ang kutob niya. Si Beth ang artistang iyon!

Napabuntong-hininga siya nang muling bumalandra sa memorya niya ang magandang mukha nito. He really couldn't believe it was her. Ang laki ng ipinagbago nito. Hindi niya halos mabakas dito ang dating Beth na nakilala niya. She was a lot different now—very confident and sexy.

“O, saan ka pupunta? Hindi ka pa ba matutulog?” tanong ni Phil, isa sa working crew at kasalo niya sa silid.

“Sandali lang ako,” paalam niya rito. “Sige, matulog ka na. Dala ko ang card key.”

Nang makalabas ng hotel, sinulyapan niya ang wristwatch. It was almost midnight, ngunit masigla pa rin ang paligid. He tried to walk around after lighting a cigarette. Nais niyang pagurin ang sarili para madali siyang makatulog. Ngunit nang mangawit ang mga paa, sa halip na bumalik ng silid, naupo siya sa isang open espresso bar na naroon malapit sa baybayin.

Jake tried to unwind his mind. Ngunit kahit anong pilit ang gawin niya, pabalik-balik doon ang kahali-halinang pigura ng dalaga. She was too hard to ignore.

Sinubukan niyang ipasyal ang mga mata sa paligid hanggang malingunan niyon si Beth sa dikalayuan. She was walking opposite his direction. She was wearing a magenta-colored shorts and a sabrina white top with black floral prints.



Magic ang kailangan ni Beth upang makalimutan si Jake. Para itong buhangin na kung kailan malapit na niyang maisabog muli sa dalampasigan ay saka pa biglang nabuo. Fate could really be cruel.

Humugot siya ng napakalalim na hininga bago pinakawalan iyon. Kung dati, tinitikis siya ng tadhana, ngayon naman ay sinusutil siya niyon.

Of all the photographers in the world, bakit ang lalaking iyon pa ang ibinigay sa kanya? Ang pinakamahirap pa namang gawin ay iyong alang-alang lamang sa kanyang trabaho, pipilitin niya ang sariling makitungo sa isang taong halos isinumpa na niya.

She needed not to manifest her weak emotions, either. Nais niyang pairalin ang pagiging Zee Gomez kaysa sa dati niyang malambot na character. Kailangan niyang magkunwaring bale-wala sa kanya ang lahat ng ginawa nito noon para lamang maging maayos ang takbo ng kanyang photo shoot at hindi siya mailang dito.

Nang makita ng dalaga ang rock bench na nakapalibot sa isang puno ng mangga, naupo siya sa isang gilid niyon paharap sa dagat.

Naalala niya ang anak, ang bunga ng kasalanan ni Jake sa kanya. Sa tuwing nakikita niya ang bata, paulit-ulit niyang nararamdaman ang sakit na iniwan ng dating nobyo. Kung hindi naging mababaw ang pananaw nito sa buhay, wala sanang kawawang Ian sa mundo.

Nangilid ang kanyang luha. At para maibsan ang unti-unting pamimigat ng dibdib, she took out a cigarette from her pocket. Ngunit nang sisindihan na niya iyon, may umagaw niyon mula sa kamay niya. Nakakunot-noo na nilingon ni Beth ang mapangahas na iyon.

Si Jake.

Hinablot niyang muli ang sigarilyo mula sa kamay nito at mabilis na sinindihan iyon ng lighter.

Sandaling katahimikan ang namayani sa pagitan nila.

“You’ve changed a lot,” malaunan ay sabi nito.

Even if she wanted to glance at him, she stopped herself. She knew he was staring at her, ngunit ayaw niyang patulan ang titig nito.

Very quietly, she let out a sigh. “It’s been too long. It’s just normal and natural that I’ve changed.”

“There are things that I want to say sorry for,” seryosong pahayag ng lalaki. This time, his eyes were focused impassively at the seashore.

Wala sa loob na nilingon niya si Jake. Tinugon naman nito iyon ng titig na mahirap iwasan.

“Sorry for what?” Tinatagan niya ang boses upang hindi lumusot doon ang tunay niyang nasasalob.

Kitang-kita niya ang pangungunot ng noo ni Jake. Marahil ay hindi nito inasahan na magiging ganoon ang sagot niya. Mayamaya ay binawi nito ang mga mata at muling tumingin sa malayo.

“I’m so sorry for what I did to you, Beth,” tila malungkot na sabi nito.

Lihim na naningkit ang kanyang mga mata. Hindi niya masiguro kung taos sa puso nito ang

paghingi ng tawad. Ngunit kung nagpapaawa lamang ito, puwes, hindi ito magtatagumpay na makuha ang simpatya niya.

Natawa siya nang may halong sarkasmo. Muli niyang tiningnan ito. “Pagkatapos ng anim na taon, ngayon mo lang na-realize ang kasalanan mo sa akin?”

Napatingin ito sa kanya. She heard him sigh. “Nagkamali ako, Beth. Sana mapatawad mo ako. If only I could turn back the time, hindi kita sasaktan.”

“If you really feel sorry about it, you should have asked for it earlier. Baka sakaling maniwala pa ako. Pero ngayon, I’m done with it, with you.” Gustong sumilip ng kanyang luha ngunit pinigilan niya.

Lumamlam ang mukha ng lalaki. “Things had never been easy for me. Akala ko magiging madali sa akin ang lahat. Pero hindi pala. I got hurt when I left. I never wanted to be self-centered, Beth, and I didn’t mean to give you a reason to hate me,” paliwanag nito.

Pinaningkitan ito ni Beth ng mga mata. Hindi niya hahayaan ang sariling muling mahulog sa mga salita nito. “Why are you telling me this, Jake?”

Tinitigan siya ng lalaki nang matagal, as if his stare could answer her question. Ramdam niya na bumilis ang pintig ng kanyang puso nang mga

sandaling iyon. She felt she wasn't actually dealing with him at this moment but more with her heart.

Nais niyang pisilin ang sarili para lamang manumbalik ang kanyang katinuan. She was crazy to believe him. But now, she felt as if she was worse.

Everytime she would try to pin her eyes on his, nag-iinit ang pakiramdam niya. She felt as if she was burning. But then it was softer, some kind of a trembling fervor that any average woman couldn't just keep away herself from.

Jake's built was more than enough to give her high fever. How much more his dark brown eyes that spoke of irresistible outburst of passion and his lips that looked inviting and taste sweet?

"It's getting late. Maaga ang pictorial bukas," anang binata. Nang tumayo ito, inalok nito ang kamay upang alalayan siya sa pagtayo.

Ngunit nang pinagbigyan niya ito sa simpleng gesture na iyon, gumapang ang ilang boltahe ng kuryente sa kanyang katawan. She couldn't deny that the touch of his skin still had the same effect on hers. Paano pa kaya kung mahalikan siyang muli nito at makapiling ng isang gabi?